# Ang Pagbabasa at Pagsusulat kasama ang Iyong Anak

## Kindergarten hanggang Ika-6 na Baitang

**Isang Gabay para sa Magulang**

TAGALOG

reach every student

Ontario

*Pagbabasa at Pagsusulat kasama ang Iyong Anak, Kindergarten hanggang Ika-6 na Baitang* ay isang pagbabago ng *Pagtulong sa Iyong Anak sa Pagbabasa at Pagsusulat: Isang gabay para sa mga Magulang* ng Ontario Ministry of Education.

**Ginawa ng Literacy and Numeracy Secretariat sa pakikipagtulungan ng Parent Engagement Office. Bago sa edisyong ito: links sa mga laro at mga gawain sa TVOkids.com.**

# Mga Nilalaman

**Tala para sa mga Magulang** .......... 2

**Paano Ko Masusuportahan ang Pag-aaral ng Aking Anak?** .......... 3

**Mga Milyahe sa Pagbabasa at Pagsusulat** .......... 4
- Bago magsimula bumasa at magsulat ang iyong anak .......... 5
- Kapag una pa lamang natututong bumasa at magsulat ang iyong anak .......... 6
- Habang nag-aaral bumasa at sumulat ang iyong anak .......... 7
- Habang nagiging mas matatas bumasa at mas malinaw magsulat ang iyong anak .......... 8
- Habang patuloy umuunlad bilang mambabasa at manunulat ang iyong anak .......... 9

**Apat na Pangunahing mga Tip sa Karunungang Bumasa at Sumulat Para sa mga Magulang** .......... 10
- Makipag-usap sa iyong anak .......... 10
- Bumuo ng mga gawi ng pag-unawa .......... 12
- Magbasa araw-araw .......... 14
- Gawin itong masaya, gawin itong mahalaga .......... 16

**Asahan ang Pinakamahusay ng Iyong Anak** .......... 18

**Mga Mapagkukunan Online** .......... 19

> “Mas malaki ang suporta na ibinibigay ng mga pamilya para sa pag-aaral ng kanilang anak at sa pag-unlad ng kanilang edukasyon, mas malamang na ang kanilang mga anak ay magiging mabuti sa paaralan at magtutuloy ng kanilang edukasyon.
>
> **Karen Mapp at Anne Henderson, 2002**
> *A New Wave of Evidence: The Impact of School, Family, and Community Connections on Student Achievement*

# TALA PARA SA MGA MAGULANG

## Ikaw ang unang guro ng iyong anak.

Dahil sa iyong suporta, ang iyong anak ay lalaki ng isang mahusay na mambabasa na may matatag na kasanayan sa pagsusulat – at anong pagkakaiba maidudulot nito kapag siya ay pumasok na sa kolehiyo, unibersidad o sa trabaho balang araw! Hindi mo kailangan ng maraming mga espesyal na mga kasanayan upang matulungan ang iyong anak matuto magbasa at magsulat. Sa paggugol lamang ng oras sa iyong anak sa paggawa ng pang-araw-araw na mga gawain ay gumagawa ng malaking pagkakaiba sa mundo.

Kahit na ang iyong anak ay nagsisimula pa lamang o nagbabasa at sumusulat na, laging mayroong lugar para sa karagdagang kaalaman. Habang tumatanda ang iyong anak, siya ay masisiyahan sa mga bagong oportunidad at mga bagong tagumpay dahil ang isang unang guro – ikaw – ay naggugol ng panahon sa bahay na aktibong nakikipagusap, nakikipaglaro at nakikinig sa kanya. Ang lahat ng ito ay nakakatulong na patatagin ang mga natututunan ng iyong anak sa paaralan.

Ginawa namin ang gabay na ito upang makatulong sa iyo sa pagsuporta sa iyong anak. Ang lahat ng mga tip ay batay sa kurikulum ng Ontario at konektado sa kung ano ang pinag-aaralan ng iyong anak sa paaralan.

Tandaan, ang habang-buhay na tagumpay ay nagsisimula sa matatag na mga kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat. At ang ibig sabihin noon ay ang habang-buhay na tagumpay ng iyong anak ay nagsisimula sa iyo.

Magsaya sa pag-aaral ng magkasama!

**Pakitandaan:** Sa gabay na ito, ang salitang magulang ay tumutukoy sa mga magulang, mga tagapag-gabay, mga tagapag-alaga at iba pang mga miyembro ng pamilya na tumutulong sa mga bata na matutong bumasa at sumulat.

# PAANO KO MASUSUPORTAHAN ANG PAG-AARAL NG AKING ANAK?

## Ang pag-aaral bumasa at sumulat ay nangyayari sa paaralan AT bahay.

Ang gabay na ito ay mayroong mga praktikal na impormasyon na makakatulong sa iyo sa pagsuporta sa iyong anak sa pagbabasa at pagsusulat sa bahay. Ito ay nagmumungkahi ng mga madadali at nakakaaliw na mga gawain na maaari mong gawin kasama ang iyong anak – mula sa pagbabasa ng mga etiketa ng pagkain at pagsusulat ng mga listahan ng grocery, hanggang sa pag-uusap papunta sa sports practice, hanggang sa pagtatalakay ng isang pelikula kasama ang buong pamilya. Ang lahat itong mga binabahaging karanasan ay makakatulong sa pag-unlad ng mga kasanayan sa karunungang bumasa at sumulat ng iyong anak.

Ang koneksyon ng bahay-paaralan ay mahalaga rin sa tagumpay ng iyong anak. Kapag nakikita ng mga bata ang kanilang mga magulang na nakikipagtulungan sa kanilang mga guro, nagpapatibay at may pananalig  ang kanilang pakiramdam tungkol sa paaralan. Kausapin ang guro ng iyong anak upang makatulong sa pagpapa-unlad ng katapatang-loob ng iyong anak at alamin ng higit pa kung paano mo masusuportahan ang pag-aaral ng iyong anak.


Ang lahat ng mga bata ay nagbabago  sa pisikal na pangangatawan, sa pangkaisipan, sa damdamin at panlipunan habang sila ay lumalaki. Ngunit ang bawat bata ay may dinadala na kanya-kanyang natatanging mga abilidad, mga pangangailangan at mga karanasan sa pag-aaral. Sa pagkikilala – at pagpapatibay – sa natatanging personal at kultural na pagkakakilanlan ng iyong anak, tinutulungan mo ang iyong anak na umunlad bilang isang mambabasa at manunulat.

Sa wakas, tandaan na ang pag-aaral bumasa at sumulat ay hindi nangyayari ng sabay. Ang bawa't tao ay natututo sa iba't ibang bilis. Nangangailangan lamang ito ng panahon, pagsasanay at suporta. Kung kailan mo  makakayanan, kung saan mo makakayanan, himukin ang iyong anak at ipakita sa kanya na ikaw ay panatag sa kanyang mga abilidad.



# MGA MILYAHE SA PAGBABASA AT PAGSUSULAT

Ang pinakamabuting panahon para matutong bumasa at sumulat ang mga bata ay habang sila ay nasa murang edad. Ito ay kung kailan sila nagsisimulang bumuo ng mga positibong ugali at mga pangunahing mga kasanayan. Ang pagbabasa sa mga bata at pakikipag-usap sa kanila tungkol sa kanilang mga ideya (kahit na ang mga ideyang iyon ay walang katuturan para sa iyo kaagad) ay nakakatulong sa mga bata na maabot ang mas malalim na kaalaman. Kung ikaw at ang iyong anak ay mas kumportable sa isang wika maliban sa English, pakigamit ito! Pagbabasa at pakikipag-usap sa iyong anak sa wika ninyo sa bahay ay napaka-paki-pakinabang. Ang pag-aaral bumasa at sumulat ay kinabibilangan ng ilang mga yugto na sa huli ay magdudulot ng matatas na pagbabasa at malinaw na pagsusulat. Ang mga sumusunod na ilang mga pahina ay magpapakita ng paglinang ng karunungang bumasa at sumulat mula sa maagang mga taong ika-4 hanggang ika-6 na baitang at lampas pa.



## Bago magsimula bumasa at sumulat ang iyong anak

Ang mga bata ay sabik na mga mag-aaral at kayang mapabuti ng mga kasanayan sa karunungang bumasa at sumulat sa iba't ibang paraan. Sa yugtong ito, ang iyong anak ay:

- Gusto ng binabasahan siya at tumingin sa mga libro o mga salita
- Natututo tungkol sa mga salita sa pamamagitan ng paglalaro ng mga bloke ng mga letra, pagtingin sa mga picture books, paglalaro ng mga magnetic na letra, pagkakanta ng mga kanta at pagbabasa ng mga simpleng karatula ng trapiko o mga logo ng mga pakete ng pagkain.
- Nagsisimulang maintindihan ang kanyang sariling mga pananaw ay maaaring gawing teksto, kahit sa papel man o sa computer, sa pamamagitan ng paggamit ng mga larawan, mga simbolo at mga letra
- Nagsisimulang umarte bilang mambabasa – halimbawa, hahawak ng libro o e-reader, o gagamit ng isang computer mouse at magkukunwaring nagbabasa
- Nagsisimulang umarte bilang isang manunulat – halimbawa, hahawak ng isang lapis, krayola o marker at magkukunwaring susulat, magtatype sa isang keyboard, gagawa ng mga letra gamit ang modelling clay
- Gagamit ng kapwa paggunita at mga larawan upang makapagsalaysay ng kwento
- Mausisa at nagtatanong ng maraming mga katanungan tungkol sa kanyang mundo.




Para sa ilang mga nakakaaliw na mga bagay para gawin, bisitahin ang www.tvokids.com at iklik ang Ages 2 to 5 para sa mga magagandang mga laro.

### Pagkilala ng letra/tunog (palabigkasan)

**Magic Mailbox ABC's**
I-klik ang mailbox upang marinig ang iba't ibang mga letra ng alpabeto.
www.tvokids.com/games/magicmailboxabcs

**Letterella (Pang-baguhang Antas)**
Pag-aralan ang iba't ibang mga tunog ng mga letra ng alpabeto.
www.tvokids.com/games/letterella

### Pagbabasa sa paligid natin (inilimbag pangkapaligiran)

**Sign Match**
Itugma ang mga palatandaan na iyong nakikita sa iyong kapaligiran.
www.tvokids.com/games/signmatch

### Pag-intindi sa ating binabasa (pag-unawa sa pagbabasa)

**Out of Order**
Isaayos ang mga larawan ng kuwento
www.tvokids.com/games/outorder

**Gisèle's Big Backyard Book Club**
Makinig sa mga magagandang kuwento!
www.tvokids.com/activities/gisèlesbigbackyardbookclub

## Kapag una pa lamang natututo bumasa at sumulat ang iyong anak

Kapag ang mga bata ay una pa lamang natututong bumasa at sumulat, mahalaga na pag-usapan ang tungkol sa ideya ng kanilang binabasa. Ito ay makakatulong na linangin ang kanilang mga kasanayan pag-unawa. Sa yugtong ito, ang iyong anak ay:

- Nagsisimulang itugma ang mga nakasulat na mga salita sa mga nabibigkas na mga salita at makita ang relasyon sa pagitan ng mga tunog at mga letra
- Nagsisimulang mag-eksperimento sa pagbabasa at malakas na bibigkasin ang mga salita kapag nagbabasa
- Maghahanap ng mga larawan sa pahina o screen na makakatulong sa pag-unawa sa kahulugan ng mga salita
- Nagsisimulang mag-eksperimento sa pagsusulat – halimbawa, susulat ng mga simbolo na kamukha ng mga letra, susulat ng mga grupo ng random (pasumala) na mga letra at sa huli ay susulat ng mga tunay na salita
- Magtatanong ng mga katanungan tungkol sa kung ano ang nais niyang matutunan (himukin ang interes na ito!)



Para sa ilang mga nakakaaliw na mga bagay para gawin, bisitahin ang www.tvokids.com at iklik ang Ages 2 to 5 para sa mga magagandang mga laro.

### Pagkilala ng letra/tunog palabigkasan

**Alphabet Goop**
Pag-aralan ang tungkol sa mga panimulang tunog ng pamilyar na mga salita.
www.tvokids.com/games/alphabetgoop

**Letterella (Antas Pang-magaling)**
Pag-aralan ang tungkol sa mga panimulang tunog ng pamilyar na mga salita.
www.tvokids.com/games/letterella

### Pagtutugma: mga pambatang tula at mga salitang magkakatugma

**Loosey Goosey Rhymes**
Pag-aralan ang tungkol sa mga salitang magkakatugma sa mga pambatang tula.
www.tvokids.com/games/looseygooseyrhymes

**Rhyme Time**
Manood, iklik, matuto at makinig sa mga nakakaaliw na pambatang tula na ito.
www.tvokids.com/games/rhymetime

### Mga salitang madalas natin nakikita: mga nakikitang salita/mga salita nakikita na madalas


**Melvin's Marvellous Words**
Ang pag-aaral ng mga nakikitang salita ay nakakatulong sa iyo na maging mas magaling na mambabasa.
www.tvokids.com/games/melvinsmarvellouswords

**Melvin's Marvellous Stories**
Ang pag-aaral ng mga nakikitang salita ay nakakatulong sa iyo na maging mas magaling na mambabasa.
www.tvokids.com/games/melvinsmarvellousstories

## Habang nag-aaral bumasa at sumalat ang iyong anak

Sa regular na pagsasanay, ang mga bata ay umuunlad sa matatas na pagbabasa at pagsusulat. Sa parehong oras, natututo rin silang mag-isip ng mas malalim tungkol sa mga kuwento o impormasyon na kanilang nababasa. Sa yugtong ito, ang iyong anak ay:

- Naiaakma ang kanyang pagbabasa sa iba't ibang uri ng mga babasahin, nakakakilala ng maraming mga salita, marunong magbigay ng kahulugan sa mga salita at nais na subukang magbasa ng mga bagong bagay
- Magsusulat ng mga simpleng pangungusap sa pamamagitan ng paggamit ng tunay na mga letra, mga puwang sa gitna ng mga salita at ilang bantas
- Naaaliw sa pagsusulat at nagpapakita ng interes sa pagsusulat sa iba't ibang paraan – halimbawa, sumusulat ng mga listahan ng grocery, maikling mga email o text messages
- Nagsisimulang magkaroon ng kamalayan na ang media ay ginagamit sa iba't ibang layunin – halimbawa, para magturo, para maglahad ng mensahe o para magbenta ng isang bagay




Para sa ilang mga nakakaaliw na mga bagay para gawin, bisitahin ang www.tvokids.com at iklik ang Ages 11 and under para sa mga magagandang mga laro.

### Nakakaaliw na salita: pagbabaybay, pag-unawa, mga larong salita

**Word Hunt**
Hangman sa paarang tvokids.com. Laruin din ang taglamig na salin! www.tvokids.com/games/vikingwordhunt at www.tvokids.com/games/vikingwinterwordhunt

**Word Magic**
Magsanay sa pagbabaybay ng mag-isa o kasama ang isa pang manlalaro. www.tvokids.com/games/wordmagic

### Pag-intindi sa ating binabasa Pag-unawa sa pagbabasa): paglalarawan ng mga bagay

**Bump-A-Word**
Gumamit ng mga salitang naglalarawan sa iyong pagsulat upang gawin itong mas interesado. www.tvokids.com/games/tumbletownbumpaword

### Balarila: mga bahagi ng pananalita

**Big Escape**
Pag-aralan ang tungkol sa mga pangngalan, pandiwa, pang-uri at iba pang mga kapaki-kapakinabang mga balarila. (Siguraduhing tignan ang lahat ng apat na mga kabanata ng The Big Escape) www.tvokids.com/games/bigescape

## Habang nagiging mas matatas bumasa at mas malinaw sumulat ang iyong anak

Iniisip ng mga matatas na mambabasa ang kanilang binabasa sa konteksto ng ibang mga karanasan na sila ay nagkaroon. Sa yugtong ito, ang iyong anak ay:

- Nagkokonekta ng mga ideya at mga karanasan sa print (nakalimbag) sa kanyang sariling kaalaman at karanasan
- Nanghuhula ng mga kaganapan sa isang kuwento
- Pinapahalagahan ang pagbabasa at nagbabasa sa sariling pangunguna.
- Pinapalawak ang mga kasanayan sa pagbabasa sa pagsusulat at nagsisimulang:
    - Gumamit ng iba't ibang mga pamamaraan upang baybayin ang mga salita ng tama
    - Gumamit ng iba't ibang uri ng mga pangungusap
    - Sumulat ng tungkol sa mga bagay na kanyang pinapahalagahan (maaaring ito ay ang iyong pamilya, isang video game o isang alagang hayop)



Para sa ilang mga nakakaaliw na mga bagay para gawin, bisitahin ang www.tvokids.com at iklik ang Ages 11 and under para sa mga magagandang mga laro.

### Nakakaaliw na salita: pagbabaybay, pag-unawa, mga larong salita

**The Amazing Spelling Fleas**
Magaliw sa balarila, pagbabaybay at pag-unawa sa pagbabasa.
www.tvokids.com/games/amazingspellingfleas

### Pagbabaybay: pagbabaybay ng hindi pamilyar na mga salita

**Spot and Spell**
Subukang baybayin ang mga salita ng tama.
www.tvokids.com/games/spotandspell

**Reading Round-Up**
Humanap ng salita sa paraang tvokids.com!
www.tvokids.com/games/readingroundup

### Pagbabasa: mga pamagat ng libro at mga pag-susuri para sa lahat ng antas

**Tumbletown Reads Book Club**
Bumasa ng mga pag-susuri ng libro na isinulat ng mga bata.
www.tvokids.com/activities/tumbletownreadsbookclub

## Habang umuunlad bilang mambabasa at manunulat ang iyong anak

*Ang kritikal na karunungang bumasa at sumulat* ay isang pagsasanay ng pagsusuri at pag-tatalakay ng nakapaloob na mga mensahe sa print (nakalimbag) o ibang media upang maunawaan ang mundong ating tinitiran. Ang mga bata ay nagsasanay ng mga kasanayan sa kritikal na karunungang bumasa at sumulat kapag iniisip nila ang tungkol sa mga layunin para sa pagsusulat at pinag-uusapan kung paano kumakatawan ang mga teksto (na kinabibilangan ng mga libro, mga website, mga magasin, mga paskil at iba pa) ay kumakatawan sa mga iba't ibang punto ng pananaw, mga paniniwala at mga perspektibo. Sa yugtong ito, ang iyong anak ay:

- Kayang bumasa at umunawa ng iba't ibang mga uri ng mga teksto ng mas tiyak at mabilis at mayroong pagpapahayag
- Kayang bumasa, sumulat at gumawa ng iba't ibang media upang ilahad ang mga opinyon at mga punto ng pananaw (tulad ng paggawa at panonood ng mga videos, blogging, at pagbabasa ng mga graphic na nobela)
- Interesado sa panlipunang aspeto ng pagbabasa at pagsusulat at naaaliw sa pagbabahagi ng mga kaisipan at mga ideya tungkol sa mga teksto na kanyang pinili (tulad ng pagbabahagi ng mga ideya sa pagtatalakay kasama ang mga kaibigan, sa panlipunang media sites at sa pamamagitan ng instant messaging)




Para sa ilang mga nakakaaliw na mga bagay para gawin, bisitahin ang www.tvokids.com at iklik ang Ages 11 and under para sa mga magagandang mga laro.

### Nakakaaliw na salita: pagbabaybay, pag-unawa, mga larong salita

**The Amazing Spelling Fleas**
Magaliw sa balarila, pagbabaybay at pag-unawa sa pagbabasa.
www.tvokids.com/games/amazingspellingfleas

### Pagbabaybay: pagbabaybay ng hindi pamilyar na mga salita

**Spot and Spell**
Subukang baybayin ang mga salita ng tama.
www.tvokids.com/games/spotandspell

**Reading Round-Up**
Humanap ng salita sa paraang tvokids.com!
www.tvokids.com/games/readingroundup

### Pagbabasa: mga pamagat ng libro at mga pag-susuri para sa lahat ng antas

**Tumbletown Reads Book Club**
Bumasa ng mga pag-susuri ng libro na isinulat ng mga bata.
www.tvokids.com/activities/tumbletownreadsbookclub

# APAT NA PANGUNAHING MGA TIP SA KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT PARA SA MGA MAGULANG

## UNANG TIP KAUSAPIN ANG IYONG ANAK

> "Ang pag-aaral ay resulta ng pakikinig, na humahantong sa mas maiging pakikinig at pagbibigay atensyon sa ibang tao. Sa ibang salita, upang matuto mula sa isang bata, dapat tayong magkaroon ng pakikiramay, at ang pakikiramay ay lumalago habang tayo ay natututo.
>
> **Alice Miller, 2002**
> *For Your Own Good*

Maaaring ito ay mukang halata, ngunit kasing halaga ang pakikinig sa iyong anak at ang pakikipag-usap sa kanya. Umuunlad ang mga kasanayan sa pagbabasa at pagsusulat ng mga bata sa pamamagitan ng kapwa pakikipag-usap at pakikinig.

Natutulungan mo ang iyong anak na matututo kung paano gumagana ang mga salita kapag:

- Itinutunog mo ang mga letra sa print (nakalimbag), tulad ng mga karatula sa kalsada
- Kumakanta ka ng mga word games kung saan pinapalitan ng iyong anak ang simula ng mga tunog upang makagawa ng bago, nakatatawang mga salita
- Nagiimbento ka ng mga pagbabaybay sa pamamagitan ng paggamit ng mga letra na alam ng iyong anak upang magbaybay ng mga bagong salita

Ang pag-uusap ay nagtataguyod din sa kapasidad ng iyong anak sa pag-unawa ng mga bagong bagay. Ang ganitong uri ng pag-uusap ay higit pa sa pagsasabi sa iyong anak ng isang bagay (tulad ng, "Panahon na para sipilyuhin ang iyong ipin," o "Hugasan mo ang iyong kamay bago maghapunan") sa pakikipag-usap sa kanya. Narito ang ilang mga paraan kung paano makakakuha ng ganitong uri ng pag-uusap sa iyong bahay:

- **Kausapin ang iyong anak tungkol sa mga problema at mga solusyon.** Pag-usapan kung paano ninyo maaaring mapamahalaan ang pang-araw-araw na mga problema, tulad ng paghanap ng oras para gumawa ng hapunan, para kayo ay handa na manood ng isang paboritong palabas sa telebisyon o mag-online ng magkasama.

- **Siguraduhing ang iyong anak ay mayroong oras na makapag-isip.** Minsan ay kinakailangan ng oras upang makapag-isip kung ano ang sunod na sasabihin. Maging handa sa paghihintay kung ano ang sasabihin ng iyong anak. Kapag sinabi niya na "Hindi ko alam kung ano ang aking naiisip," maghintay para sa mas maiging kasagutan – mayroon isa doon saanman!

# APAT NA PANGUNAHING MGA TIP SA KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT PARA SA MGA MAGULANG

- **Kausapin ang iyong anak sa kanyang unang wika.** Magaling magsalin ang mga bata ng kanilang kaalaman ng isang wika sa ibang wika. Ang pagsasalita sa iyong unang wika ay makakatulong sa iyong anak sa English at French at iba pang mga wika din. Magbibigay rin ito ng mga oportunidad sa iyong anak na matuto ng higit pa tungkol sa kanyang kultural na kasaysayan.
- **Magtanong ng mga katanungan na magbibigay daan para sa iyong anak na pag-usapan ang kanyang mga ideya.** Sa halip na sabihan ang iyong anak ng isang bagay, subukang magtanong ng mga katanungan na magbibigay daan para sa iyong anak na pag-usapan kung ano ang kanyang naiisip. Halimbawa, sa halip na sabihin sa iyong anak kung paano ka nagpaplano para sa pagdiriwang ng isang pampamilyang kaganapan, magtanong ng mga ideya tungkol sa paggawa ng isang plano. (Maghanda para sa pagkamalikhain at tulungan ang iyong anak na sundan ng mabuti ang plano!)

Mahalaga na kapwa makinig sa mga bata na bumasa ng malakas at ipagpatuloy ang pagbabasa sa kanila kahit pagkatapos nilang maging independente, matatas na mga mambabasa. Mayroong maraming iba't ibang paraan ng pagbabasa ng magkasama: palitan sa pagbabasa ng mga pahina, pagbabasa ng sabay at paghinto para makapagusap sa kabuuan ng pagbabasa. Ang mga bata ay pumipili ng mga libro tungkol sa mga paksa na sila ay interesado, at ang iyong interes sa parehong mga aklat ay magbibigay daan para sa mayabong na mga pag-uusap na siyang bubuo ng mga kasanayan sa pagsasalita at pakikinig.

**Kung ikaw ay ipit, narito ang ilang mga "panimula ng pag-uusap " upang maipagpatuloy ang iyong pakikipag-usap:**

- Ano ang iyong napansin tungkol…
- Ano pa ang ibang mong maaaring nagawa…
- Ano ang iyong gagawin kung …
- Ano ang mangyayari kung …
- Paano mo nalaman iyon?
- Kumbinsihin mo ako tungkol doon!

**Habang ikaw ay nakikinig**

- Kung ito ay librong kasalukuyang binabasa, ipakita sa iyong anak na ikaw ay naaaliw sa libro sa pamamagitan ng pagiging mausisa at pagtatanong.
- Gumawa ng mga koneksyon sa kung ano na ang kanyang nalalaman.
- Pakahulugan sa ibang pangungusap kung ano ang iyong naririnig.
- Maging matiyaga. Siguraduhing ang iyong anak ay mayroong sapat na oras para alamin ang mga mahihirap na mga salita.
- Pagkatapos magbasa, pag-usapan ang mga kawili-wili at nakalilitong mga bahagi ng libro.

## IKALAWANG TIP BUMUO NG MGA GAWI NG PAG-UNAWA

> "Mas higit ang iyong pagbabasa, mas maraming bagay ang iyong malalaman.
> Mas higit ang iyong pinag-aaralan, mas maraming mga lugar ang iyong mararating.
>
> **Dr. Seuss, 1978**
> *I Can Read with My Eyes Shut!*

Maaari mong tulungan ang iyong anak na matutunan ang tungkol sa kanyang sarili at sa mundo sa pamamagitan ng pagbabasa – kung anong tinatawag ng mga guro na "magbasa nang may pag-unawa" – sa pamamagitan ng pagsubok ng ilang mga pamamaraan, tulad ng mga ito:

- **Pagtatanong ng mga katanungan.** Kapag nagbabasa kasama ang iyong anak, magtanong ng mga katanungan tulad ng, "Bakit ito nangyayari?" , "Ano ang maaaring mangyari sa kasunod?", "Ito ba ay mayroong katuturan?", o "Patas ba nang…?" Ang mga tanong na ganito ay nakakatulong sa mga bata na gumawa ng mga koneksyon sa pagitan ng mga bahagi ng isang kuwento.
- **Pagbabasa "between the lines".** Upang makagawa ng mga inferences (hinuha) – para tuklasin ang mga kahulugan na hindi direktang isinasaad – kailangang matutunan ng iyong anak ang paggamit ng impormasyona mula sa kwento at mula sa kanyang sariling kaalaman at karanasan. Ang pamamaraan nitong pagbabasa "between the lines" ay kinabibilangan ang pagkuha ng mga palatandaan at paggamit ng mga ito upang "makagawa" ng kahulugan.
- **Pagsasama-sama ng lahat.** Maaari mong himukin ang iyong anak na pagsama-samahin lahat sa pamamagitan ng pag-uusap muna tungkol sa lahat ng impormasyon na kanyang nabasa, at pagtapos ay magbuod ng mga mahahalagang puntos at pagsama-samahin ang mga puntos na iyon tulad ng mga piraso ng isang palaisipan.
- **Alamin ang mga mahihirap na mga salita.** Bigyan ng panahon ang iyong anak na alamin kung ano ang isang salita o kilalanin ang isang pagkakamali. Kung ang pagkakamali ay hindi nakakaapekto sa kahulugan, palagpasin na ito. Ang iyong anak ay maaaring gumamit ng iba't ibang pamamaraan upang malaman ang isang salita na hindi niya alam:
  - Itunog ang isang salita.
  - Tumingin sa mga larawan.
  - Hatiin ang salita sa mas maliliit na bahagi.
  - Basahin muli ang mga salita bago at pagkatapos ng mahirap na salita.
  - Laktawan ang salita ng sandali at ipagpatuloy ang pagbabasa.
  - Pag-usapan ang tungkol sa kanyang nabasa na para tignan kung nauunawaan.
  - Magtanong sa kapatid para sa kasagutan.

# APAT NA PANGUNAHING MGA TIP SA KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT PARA SA MGA MAGULANG

Ang iyong anak ay lumalaki sa isang mayaman-sa-media, teknolohikong mundo. Ang mga pagbabago sa panlipunan ay nangyayari ng mabilis  kaya ang mga bata ay nangangailangan ng panahon para mapag-isipan ang mga napapaloob na mga mensahe nakalimbag o sa iba pang media. Narito ang ilang paraan upang makatulong ka sa pagpapayaman ng mga kasanayan sa kritikal na karunungang bumasa at sumulat:

- Tulungan ang iyong anak na maintindihan ang pananaw at perspektibo ng tagapagsalita.
- Pag-usapan ang pagkamakatarungan ng mensahe at humanap ng mga nakaliligaw na mga epekto sa nawawala na impormasyon.
- Pag-usapan kung paano ginamit ang wika upang manghikayat ng mga tao – halimbawa, pag-usapan ang mga makapangyarihang epekto ng wika sa advertising.
- Tanungin ang iyong anak kung mayroon siyang natutunang mga bagong bagay na naguudyok ng mga bagong katanungan. Nababago ba nito kung ano ang pananaw ng iyong anak tungkol sa paksa? Paano niya malalaman kung ito ay tama?

**Upang himukin ang iyong anak na bumasa ng kritikal, tanungin ang mga katanungan:**

- Tungkol saan ang librong ito? Bakit ka interesadong basahin ito?
- Ano ang gusto ng may-akda nitong artikulo ng balita na malaman o isipin natin?
- Nais ba ng may-akda na maniwala tayo sa isang bagay?
- Ano ang sinasabi ng tema ng magasin na ito tungkol sa mga bata, teenagers at mga magulang?
- Paano ginagamit ng may-akda ang mga salita at mga imahe upang magpabatid ang mensahe?



## IKATLONG TIP MAGBASA ARAW-ARAW

> "... ang mga bata sa aking ulirang kaharian ay madaling matututong bumasa, bago pa man sila pumasok sa paaralan... .Kaya't pakiusap, ako'y nagmamakaawa na basahan ng malakas ng mga magagandang libro sa iyong anak! Magsimula sa araw na sila'y isinilang!
>
> **Mem Fox, 2005**
> "If I Were Queen of the World"

Subukang magbasa kasama ang iyong anak araw araw. Ang lahat ng miyembro ng pamilya ay maaaring tumulong. (Ito ay katulad ng almusal – hindi dapat linalaktawan!) Ito ang isang tanging importanteng bagay na maaari mong gawin upang matulungan ang iyong anak na matutong bumasa at sumulat at maging matagumpay sa paaralan. Ang mga batang binasahan noong sila ay mas bata pa ay mas malamang na mapamahal sa pagbabasa at maging mga magagaling na mambabasa sa kanilang pagtanda. Simulan ang pagbabasa kapag ang iyong anak ay bata pa. Wala itong hindi magandang maidudulot!

Ikaw ang pinaka-importanteng modelo sa pagbabasa ng iyong anak, kaya't siguraduhing nakikita ka ng iyong anak na nagbabasa at nagsusulat para sa sarili mong mga layunin. (Hindi kinakailangan na basahin ang Great Canadian Novel – maaaring ito ay isang email mula sa isang kaibigan na lumipat na sa malayong lugar). Bilang unang guro at modelo ng iyong anak, ang iyong pakikisama at suporta ay maaaring maka-impluwensya ng habang-buhay na mga pag-uugali at mga interes, pati na rin ang tagumpay sa pagbabasa at pagsusulat.

Narito ang ilang mga gawain sa pagbabasa at pagsusulat na maaari mong ibahagi sa iyong anak sa pang-araw-araw mong abalang schedule:

- Basahin ang mga karatula pangtrapiko, tindahan at restaurant.
- Basahin ang mga etiketa ng pagkain, mga schedule , mga mapa, mga tagubilin, mga anunsiyo at polyeto, .
- Maghanap online para sa mga recipes, ang mga kahulugan ng mga salita at mga lugar sa mapa.
- Isulat ang mga listahan na bibilhin at mga mensahe sa telepono.
- Isulat ang petsa at oras ng mga appointments at mga gawain sa isang pangpamilyang kalendaryo.
- Magbasa at sumulat ng mga kard na pambati, tala ng pagsasalamat o mga sulat (paglilimbag, sulat dikit dikit o paggamit ng keyboard ay pupuwede) at email at mga mensahe sa teksto.

# APAT NA PANGUNAHING MGA TIP SA KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT PARA SA MGA MAGULANG

Ang mga bata ay magaling tumugon sa nakaugaliang pamamaraan, kaya't kung posible, gawin ang pagbabasa kasama ang iyong anak na isang bagay na nais gawin araw araw. Narito ang ilang mga ideya kung paano mo magagamit ng husto ang oras  nitong pagsasama:

Gumawa ng pang-araw-araw na oras pambabasa:

- Magtabi ng espesyal na oras bawat araw kung kailan mo mabibigyan ng buong pag-aasikaso sa pagbabasa kasama ang iyong anak.
- Alamin kung ano ang hilig ng iyong anak at pag-aralan sa abot ng iyong makakaya ang tungkol sa paksang ito.
- Pumunta sa silid-aklatan ng magkasama  o humanap ng mga materyales online.
- Gumamit ng mga libro na nagpapakita ng paboritong karakter ng iyong anak mula sa isang palabas sa telebisyon.
- Gumamit ng mga magagaling na websites mula sa bahay o sa iyong lokal na silid-aklatan (katulad ng mga nasa likod ng gabay na ito) upang makapagbasa online.
- Isama ang isang lugar para sa mga laro, mga palaisipan, komiks o software.
- Bumasa ng mga libro at iba pang mga materyales sa unang wika ng iyong anak. Ito ay makakatulong sa iyong anak sa pagbabasa ng English at French at iba pang mga linggwahe.



## IKAAPAT NA TIP GAWIN ITONG MASAYA, GAWIN ITONG MAHALAGA

> "…gawing (ang pagbabasa) masaya. Ito ay hindi dapat maging tulad ng takdang-aralin. Gawing kawili-wili ang pagbabasa – gumawa ng mga nakatutuwang mga tunog at iarte ito ng magkasama – gustong-gusto iyon ng mga bata!
>
> **Robert Munsch, 2005**
> "A Moment with Munsch"

### Paglutas ng Kodigo

Kapag ang mga bata ay naaaliw sa pagbabasa, sila ay nagbabasa ng marami. At sa pagbabasa ng marami, sila ay nagiging magaling na mga mambabasa. Sila ay nagbabasa rin upang maunawaan ang mga bagay at mapag-aralan ang higit pa tungkol sa mundo. (O di kaya't sila ay nauudyok na magbasa tungkol sa isang video game na kanilang kinahuhumalingan!) Hindi sila nababalahaw sa mekanika ng wika dahil nalutas na nila ang kodigo nito. Sa oras na iyon, isang bagong mundo ang nagbukas para sa iyong anak.

### Piliin kung ano ang babasahin ninyo ng magkasama:

- Tumingin online para sa mga ideya, marahil batay sa mga tema na interesado ang iyong anak.
- Pumunta sa silid-aklatan o bilihan ng libro upang maghanap ng mga pamagat.

### Pumili ng lahat ng uri ng mga libro, lahat ng uri ng mga materyales na babasahin:

- Lahat ng uri ng non-fiction (hindi kathang-isip) – maaaring mga libro para sa mga baguhang mambabasa tungkol sa Canada o iba pang mga lugar sa mundo, mga ligaw na hayop o mga dinosaur
- Mga libro o mga artikulo na mayroong positibo o makapangyarihang mga ideya tungkol sa mundo
- Lahat ng uri ng fiction (kathang-isip) – aksyon, pantasya, science fiction (kathang-isip sa siyensya) , nakakatawang mga kuwento
- Mga kwentong nagpapakita kung paano nila nakikita ang kanilang mga sarili: adventurer, bayani, prinsesa, mapagmahal sa hayop (maagang beterinaryo sa hinaharap) detektibo, tagapag-alaga at iba pa
- Mga libro sa isang serye (ang mga bata ay mahilig kilalanin ang sarili sa mga pamilyar na mga karakter)
- Mga pahayagan, mga magasin, e-subscriptions
- Mga komik na libro at mga grapikong nobela , cartoons, jokes, baseball cards, game scores, brain teasers
- Mga liriko ng kanta o mga script na umaapela sa musikal at sining na mga panlasa


## APAT NA PANGUNAHING MGA TIP SA KARUNUNGANG BUMASA AT SUMULAT PARA SA MGA MAGULANG

**Bigyang buhay ang kwento:**

- Gumamit ng iba't ibang boses para sa iba't ibang mga karakter sa isang kuwento.
- Gamitin ang pangalan ng iyong anak sa halip ng pangalan ng karakter sa tuwing lalabas ito sa kuwento.
- Ihambing ang mga karakter sa kwento sa mga tao na pareho ninyong kilala. Pag-usapan kung ano ang pagkakapareho nila sa totoong tao.
- Gumawa ng mga malamanyika at gamitin ang mga ito upang iarte ang kuwento.
- Himukin ang iyong anak na gumuhit o magpinta ng mga karakter at mga senaryo. Pag-usapan ang tungkol sa ideya na "bawat larawan ay nagsasabi ng isang kuwento."
- Basahing muli ang mga paboritong kuwento ng iyong anak ng maraming beses hangga't nais niya itong marinig.

**Gawin itong may-katuturan:**

- Tulungan ang iyong anak na maintindihan na ang karamihan sa mga kuwento ay nagsasabi ng isang tanging pananaw o perspektibo. (Maaari ninyong pag-usapan ang tungkol sa kung paano magbabago ang kuwento kung isa sa mga karakter ang nag-kukukuwento nito.)
- Hanapin ang respeto at panlipunan at kultural na pagkakapantay-pantay sa kuwento. Naipakita ba ang pagkakapantay-pantay ng mga karakter sa kuwento?
- Pag-usapan kung bakit kaya naisulat ng manunulat ang kuwento, lalo na kung ang kuwento ay may ipinararating na panlipunang mensahe.
- Magsiyasat ng iba't ibang mga opinyon tungkol sa mga bagay na nangyayari sa mundo sa pamamagitan ng pagtingin sa mga sulat para sa editor, mga editoryal at mga kolumna sa pahayagan.



# ASAHAN ANG PINAKA-MAGALING NG IYONG ANAK

Kami ay umaasa na nakatulong ang gabay na ito sa iyong pagsuporta sa iyong anak sa kapana-panabik niyang paglalakbay tungo sa mataas na pagbabasa at malinaw na pagsusulat. Kasama ang mataas na inaasahan, pasensya at maalalahaning pakikipag-ugnayan, ang iyong anak ay lalaking isang mambabasa at manunulat.

Ang pakiki-akibat sa guro ng iyong anak sa pagsuporta sa pagbabasa at pagsusulat sa bahay ay isa sa mga pinaka-makapangyarihang pagpipilian na maaari mong gawin para sa kinabukasan ng iyong anak. Ayon sa propesor at manunulat mula sa University of Toronto na si Jim Cummins, maaari nating suportahan ang mga bata sa pag-aaral sa apat na pangunahing mga paraan:

1. Kapag ginagawa nating panlipunan at interaktibo ang pag-aaral
2. Kapag tayo ay nagtatanong at malalim na nagsasaliksik ng mga kasagutan ng magkasama
3. Kapag hinihikayat natin ang pagpipilian, binibigyan sila ng mga oportunidad na lumago at pinapabayaan sila na pagtibayin ang kanilang sariling boses
4. Kapag hinihikayat natin sila na magtanong at harapin ang panganib (habang pinapanatili silang ligtas)

### Habang inaasahan ang pinakamahusay para sa iyong anak

1. Purihin ang mga tagumpay.
2. Huwag panirahan ang mga pagkakamali.
3. Himukin ang iyong anak na humingi ng tulong sa guro
4. Tulungan ang iyong anak na subaybayan ang kanyang kalagayan.



# MGA MAPAGKUKUNAN ONLINE

**TVOParents**
Ang site na ito ay isang komprehensibong mapagkukunan para sa mga videos at iba pang kagamitan upang matulungan ang mga magulang na matuto tungkol sa at masuportahan ang kanilang mga anak.

http://tvoparents.tvo.org

**TVOKids**
Ang website na ito ay tahanan sa higit sa 170 na mga larong pang-edukasyon, higit sa 4,500 na mga video at ang TVOKids Homework Zone. Homework Zone.

www.tvokids.com

**KidLit**
Hinahayaan ng KidLit ang mga bata na maglathala ng kanilang mga gawa online at hayaan ang ibang tao na magkomentaryo dito. Maaari rin ipadala ng mga bata ang kanilang  sariling mga pagsusuri ng kanilang mga paboritong libro.

http://mgfx.com/kidlit/

**Be a Great Parent**
Ang kampanya ng Regional Municipality of Niagara ay nakatuon sa pagsagot ng mga katanungan ng mga magulang tungkol sa epektibong komunikasyon, pagpatnubay at mga relasyon sa kanilang anak o teen. Makakatulong na mga mapagkukunan na karatula at mga pilyego ng katotohanan.

www.beagreatparent.ca

**Canadian Wildlife Federation**
Ang site na ito ay nagbibigay ng mga mapagkukunan at nagpapatakbo ng mga habitat programs. Nagbibigay inspirasyon sa mga bata na iba't ibang edad na matuto ng higit pa tungkol sa kahalagahan ng mga hayop-gubat at mga malusog na tahanan.

www.cwf-fcf.org/en/educate/ed_resources/kids-corner/

**Canadian Geographic Kids**
Maaaring siyasatin ng mga bata ang Canada sa pamamagitan ng makapal na hayop-kagubatan, malaking heograpiya at nakakaaliw na mga katotohanan. Mayroong mga laro, tulong sa takdang-aralin at marami pang iba.

www.canadiangeographic.ca/kids/

***Kayak*: Canada's History Magazine for Kids**
Ipinakilala sa mga bata ng site ang sino, ano, kailan, saan, bakit at paano ang nakalipas ng Canada at kung paano konektado sa kasalukuyan. Inilathala ng Canada National History Society, ang *Kayak* ay idinisenyo na makuha ang imahinasyon ng mga batang edad mula 7 hanggang 11.

http://resource.canadashistory.ca/kayak/

**Ontario Education Resource Bank (OERB)**
Itong online na silid-aklatan   ay mayroong mga gawain at mapagkukunan ng mga materyales para sa mga mag-aaral ng lahat ng baitang. Maaaring makilahok ang mga mag-aaral sa mga online na pagsasanay at mga gawain na maaari nilang gawin sa bahay upang patibayin ang kanilang pag-aaral.

www.edu.gov.on.ca/elearning/bank.html

**BBC Kids**
Ang walang komersyal na channel na ito ay nagpapalabas ng mga programa para sa mga bata, mula sa mga pre-schoolers hanggang sa mga teens. Karamihan ay mula sa Britain ngunit mayroon din galing sa Canada.

www.bbckids.ca

**Parents Matter**
Ang website na ito ay tahanan ng mga kagamitan at mga links upang matulungan ang mga magulang na maging mas kabilang sa pag-aaral at pag-unlad ng kanilang anak.

www.parentsmatter.ca/index.cfm

**Discovery Channel School**
Ang site na ito ay naghahandog ng malawak na saklaw ng libreng mga mapagkukunan sa silid-aralan  at mga kagamitan sa pag-aaral upang matulungan ang mga bata na maging responsable sa kanilang pag-aaral. Idinisenyo na nasa isip ang mga okupadong guro at mga magulang.

www.discoveryeducation.com/teachers/

# MGA MAPAGKUKUNAN ONLINE

***National Geographic Kids***
Ang pambatang magasin na ito ay inilathala ng National Geographic Society. Naaayon para sa mga batang may edad na 6 hanggang 14.

http://kids.nationalgeographic.com/kids/

**PBS Kids**
Ang makulay na koleksyon na ito ng mga websites ay batay sa mga paboritong palabas sa telebisyon, tulad ng *Clifford the Big Red Dog*, *Teletubbies*, *Reading Rainbow* at *Sesame Street*. Maaaliw ang mga bata na makita ang kanilang mga paboritong karakter online, naglalaro ng mga laro kasama nila at nag¬aaral ng maagang mga pamamaraan sa pagbabasa.

http://pbskids.org/

**4Kids.org**
4Kids.org ay isang pangkat ng mga taga-pagturo, mga manunulat, mga espesyalista sa teknolohiya at mga mag-aaral na naglalabas ng mga artikulo bawat linggo at mga link na nagpapakita kung paano ligtas, nakakaaliw at masaliksik na gawain ang pag-aaral online.

www.4kids.org

**Sample virtual field trips**
Bisitahin ang ilang mga lugar sa buong mundo, kadalasan kasama ang paggamit ng webcam o sa pamamagitan ng mga laro, mga larawan at mga video.


www.theteachersguide.com/virtualtours.html


**United Nations Cyberschoolbus**
Bisitahin ang sentro ng impormasyon ng UN para sa kapwa  na mag-aaral at mga guro.

http://cyberschoolbus.un.org

# HOMEWORK ZONE

Ang TVOKids Homework Zone ay isang easy-to-navigate na kapaligiran kung saan maaaring makapagsanay ang mga bata ng mga konsepto na napag-aralan nila sa paaralan at makakuha ng suporta para sa tatlong pangunahing bahagi ng kurikulum ng Ontario: matematika, siyensya at karunungang bumasa at sumulat. Ito ay kinabibilangan ng mga videos para sa guro, mga palabas sa TVOKids, mga laro sa web, maaaring mailimbag na mga worksheet, mga kagamitan na makakatulong sa pagsasanay at mga tip sa pag-aaral. Ang Homework Zone ay nagbibigay sa iyo ng oportunidad na makita kung paano maaaring maituro ang mga konsepto sa klase at kung paano mo maaaring suportahan ang pag-aaral ng iyong anak sa bahay.






Ontario

**Ontario Ministry of Education**
Cette publication est disponible en français.
ISBN 978-1-4435-9379-3 (Print) ISBN 978-1-4435-9380-9 (PDF)
ISBN 978-1-4435-9381-6 (TXT) © Queen's Printer for Ontario, 2012